


Tuklasin ang Kanyang Kagandahan sa Loob ng 7 Minuto

Part 4 of 7

# PAGSAGOT SA MGA MAPANURING KATANUNGAN NG SANGKATAUHAN

DR. NAJI IBRAHIM



# Pagsagot Sa Mga Mapanuring Katanungan Ng Sangkatauhan

Ang Islam ay nagbibigay ng kasagutan sa mga pinakamapanuri at pinakamahalagang katanungan ng sangkatauhan tulad ng:

- Ano ang Katotohanan?
- Sino ang lumikha sa atin?
- Sino ang ating tunay na Diyos?
- Sino ang huling Sugo ng Diyos?
- Sino ang dapat nating sambahin?
- Sino tayo?
- Bakit tayo naririto?
- Anong mayroon pagkatapos ng Kamatayan?
- Ano ba ang katangian ng susunod na buhay?
- Ano ang susunod na patutunguhan - Paraiso ba o Impiyerno?
- Paano makakamtan ang ganap na kapayapaan ng isip, tagumpay, at tunay na kaligayahan?
- Paano matatamo ang buhay na walang hanggan?

**Sa pagkakaroon ng bukas na isipan at puso sa pagtuklas sa katotohanan, masusi itong basahin at kayo na ang humusga para sa inyong sarili.**


TRUTH

Sa Islam, ang Nag-iisa at Tunay na Diyos (si Allah) ang Siyang lumikha ng lahat. Tanging si Allah lamang ang lumalang sa lahat ng tao at hayop, sa Mundo, bundok, karagatan, ilog, halaman, kagubatan, araw at buwan, kalawakan at mga tala, umaga at gabi. Lahat ng bagay - alam man natin o hindi, maging ang hindi pa natutuklasan - ay mga aspeto ng Kanyang walang katapusang Paglikha.

Nilikha ni Allah ang lahat ng buhay sa Lupa. Nilikha Niya ang buong Sansinukob na may panahon, lunan, lakas, at bagay. Si Allah ang Tagapamahala ng Sansinukob at ang nilalaman nito. Kanyang pinapangasiwaan ang lahat ng mga nangyayari sa Sansinukob na ito.

Gayunpaman, ang ilang mga tao ay inuugnay ang kanilang pag-iral sa 'pagkakataon' o sa 'kalikasan'!

Bigyan natin ng kahulugan kung ano ang tinutukoy nilang salitang “LIKAS O KALIKASAN” ayon sa agham. Ano ang 'kalikasan'?

Sumasang-ayon ka ba sa akin na nabibilang sa kalikasan ang mga halaman, planeta, tala, at kalawakan; mga lambak at bundok, karagatan at ilog; ang Mundo, araw, buwan, mga bituin, at iba pang mga bagay - ang mga ito ba ay lumikha sa kanilang mga sarili o sila kaya ang lumikha sa Sangkatauhan?


ALLAH
is the true
GOD

Ang binanggit sa Maluwalhating Qur'an:

“O Sangkatauhan! Sambahin ninyo ang inyong Panginoon (Allah), na Siyang lumikha sa inyo at sa mga nauna sa inyo - nawa kayo ay magkaroon ng tunay na takot.” (2:21)

“Nilikha Niya ang kalangitan at kalupaan sa Katotohanan.” (39:5)

“At Siya ang lumikha ng gabi at maghapon, ng araw at buwan - ang bawat isa ay nasa daangtala - naglalakbay.” (21:33)

Kalimitan, ang mga naniniwala sa kalikasan bilang tagapaglikha ay nangangatwiran na hindi sila naniniwala sa Diyos dahil hindi nila nakikita, nahihipo, o nagagawan ng eksperimento ang Diyos!

Ilang taon na ang nakalilipas, sa Oregon, USA, binisita ako ng aking matandang kapitbahay sa aking tahanan. Aming napag-usapan ang maraming bagay, at isa na rito ay ang pagkilala sa Diyos. Bilang kanyang pagtanggi sa pag-iral ng Diyos, bigla niyang kinatok ang lamesa, at emosyonal na nagwika: “Ako’y naniniwala sa lamesang ito sapagkat nahahawakan ko ito… Nararamdaman ko ito!”

Upang magpaliwanag sa kanya, aking itinuro ang isang lampara sa silid at siya ay aking tinanong, “Naniniwala ka ba sa lakas ng kuryente?”

Siya ay sumagot, "Oo naman."

Tinanong ko ulit siya: “Nakikita mo ba ang lakas o enerhiya na nagpapa-ilaw doon?”



Bilang karagdagan, akin pa siyang tinanong ng mga katanungang ito, "Nakita mo na ba - sa pamamgitan ng iyong sariling mga mata - ang hangin na ating nalalanghap? Ikaw ba ay may damdamin? Ano ang kanyang kulay, hugis, at laki? Ano ang pagtulog? Ano ang kulay o timbang nito? Ilan pang mga bagay ang pinaniniwalaan natin na hindi naman natin nakikita?"

Sa isa pang pagkakataon, nakilala ko ang isang binata na nagngangalang Chris at ang kanyang asawa sa isang hotel sa Oslo, Norway. Habang nakikipag-usap sa kanila, tinanong ko si Chris, "Ano ang layunin ng buhay?"

Nagulat siya, at napabulalas, "Ito ang kauna-unahang pagkakataon na aking narinig ang ganyang katanungan!" Idinagdag niya, "Sa aking palagay ay walang layunin ang aking buhay." Dagdag pa niya, "Hindi ako naniniwala sa alinmang diyos."

Tinanong ko kung bakit, at kanyang sinabi, "Hindi ko pa ito nakikita."

Pinuna ko ang kanyang tugon, siya ay aking tinanong (nang may ngiti), "Mahal mo ba ang iyong asawa? Pisikal mo bang nakikita ang pagmamahal na ito? Ano ang kulay ng iyong pag-ibig? Ano ang timbang ng pagmamahal na ito?"

Inyong isalarawan kung ano ang naging tugon ni Chris at ng kanyang asawa sa mga katanungang ito!

Malinaw na kahit hindi natin pisikal na nakikita o nasusukat ang pag-ibig ay hindi ito magdadala sa atin upang tanggihan ang Katotohanan na mayroon nga na tinatawag na pag-ibig at pagmamahal.



Bilang paghahalintulad, kung hindi natin nakikita ang Diyos dito sa Mundo (dahil sa kakulangan ng ating kakayahan at pandama - kaya't hindi kailanman makaka-uunawa sa Kanyang kadakilaan), ay hindi ito nangangahulugan na tatanggihan na natin ang Kanyang Pag-iral!

Malinaw at maliwanag na mayroong Diyos. Madali itong matanto sa pamamagitan ng napakaraming palatandaan at katibayan na ipinakikita sa pagkakalikha ng hindi-mabilang na mga atoms (atomo), cells (selula), tissues (himaymay), kalamnan, at iba pang bagay sa bawat isang katawan, at bawat bagay na Kanyang nilikha.

Ang napakaraming mga Propeta ng Diyos (ilan lamang sa kanila ang ating kilala) - gayundin ang kanilang bilyun-bilyong mga tagasunod sa kasaysayan ng Sangkatauhan, ay nagpapatotoo na mayroong Diyos. Makatuwiran ba na ipawalang-saysay ang pagpapatunay ng hindi mabilang na mga tao at ang mga palatandaang kaakibat nito dahil lamang sa 'agham'?

Sa katunayan, ang mga teoryang pang-agham ay naglalarawan lamang sa maaaring pasimula ng Sansinukob at hindi nag-uusisa kung ano o sino ang lumikha ng daigdig na ito, o papaano ito ginawa.

Sa katunayan, ipinahihiwatig ng katibayang pang-agham na ang mga posibilidad na ang ating daigidg ay lumitaw nang 'pagkakataon' lamang ay tunay na napakaliit at halos walang saysay. Datapuwat ang 'pagkakataon' ay ang tanging paliwanag ng mga Ateista (Hindi naniniwala sa pag-iral ng Tagapaglikha) para sa pag-iral at kalikasan ng Sansinukob. Ayon sa kanila, 'ang lahat ng ito ay pawang nagkataon lamang'.

Dahil dito, nararapat na isaalang-alang kung aling paniniwala ang siyang tunay na mas makatuwirang paniwalaan: Ang bulag na pagkakataon ay namamahala sa lahat, o ang Sangnilikha - sa loob at labas ng daigdig - ay ginawa sa kalagayan nito dahil may Lumikha at Namamahalang Diyos?

Ito ang katotohanan sa Islam. May Diyos na Iisa lamang, ang Tagapaglikha at Tagapagtustos ng mga pangangailangan ng Sangnilikha. Hindi nararapat na kilalanin na may iba pang nakahihigit sa Kanya o di kaya'y mayroon Siyang katulad. Nilikha tayo ng Nag-iisang Diyos (Allah) upang sambahin lamang Siya at itangi sa pagka-Panginoon. Sinuman ang sumasamba sa Kanya sa tamang pamamaraan at sumusunod sa Kanyang mga Kautusan ay makapapasok sa Paraiso.



# Isaalang-alang ang mga katanungang ito:

- Ang Daigdig ba ay bunga ng matalinong paglalang ng Matalinong Tagapaglikha o ito ay naganap nang hindi sinasadya?

- Pinapabulaanan ba ng 'Agham' o 'Teorya ng Ebolusyon' ang pag-iral ng Diyos?

Napakapayak ang Katotohanan sa Islam. Iisa lamang ang Diyos - ang Tagapaglikha at Tagapagtaguyod ng Mundo (pinagpala at dakila Siya). Kaya naman hindi tayo marapat kumilala ng sinuman o anumang bagay at itaas o kahit na ipantay ito sa Kanya. Tayo ay nilikha ng Nag-iisa at Tunay na Diyos (Allah) upang Siya ay kilalanin at sambahin.

Silang mga sumasamba sa Kanya nang tama at ganap na sumusunod sa Kanyang mga utos at umiiwas sa Kanyang mga pagbabawal ay makapapasok sa Buhay na Walang Hanggan sa Paraiso.

Sa kabilang banda, sinuman ang sumuway sa Diyos, sumunod sa kanyang makasalanang luho at pagnanasa, manamantala at mang-api sa iba ay dadalhin sa... Saan sa iyong palagay?

Makakamit lamang natin ang Tunay na Kaligayahan at Kapayapaan ng pag-iisip sa pamamagitan ng Paniniwala at Pagpapasakop sa Iisang Tunay na Diyos (Allah).


الله أكبر
God is the Greatest

Malinaw na tinugunan ng Islam ang napakahalagang katanungang ito. Ipinahayag ng Islam ang maraming detalye tungkol sa natatanging kalikasan at katangian ng Nag-iisang Tunay na Diyos. Nabanggit sa Maluwalhating Qur'an:

***“Sabihin: Siya si Allah, ang Nag-iisa. Si Allah, ang Sandigan ng lahat. Hindi Siya nagkaanak at hindi rin Siya ipinanganak. At sa Kanya ay walang anumang kahalintulad.” (112:1-4)***

Ito ay isang ganap na kabanata sa Banal na Qur'an. Ang napakagandang kabanatang ito ay malinaw na nagpapaliwanag sa atin ng katotohanan tungkol sa Nag-iisang Diyos (Allah) at ng Kanyang katangian. Malinaw nitong sinagot ang mga mahalagang katanungan na gumugulo sa isip ng maraming tao.

Ilan sa mga katangian na nagtatangi sa Tunay na Diyos (Allah) na ito mula sa iba pang mga nilalang na inaangkin o nag-aangkin ng pagka-Diyos:

- Siya ang Tagapaglikha - hindi Siya nilikha o ipinanganak.
- Siya ay Nag-iisa lamang - hindi marami! Wala siyang katambal o katulad.



- Siya ay hindi makikita sa buhay na ito.

- Siya ay hindi nakikita o nagkatawang-tao sa anumang pisikal na anyo ng Kanyang mga nilikha.

- Siya ay walang hanggan - hindi Siya namamatay o nagbabago. Palagi siyang umiiral.

- Siya ay hindi nangangailangan sa anuman o sinuman - tulad ng isang ama, ina, asawa, o anak. Hindi rin Siya nangangailangan ng pagkain, inumin, o anumang uri ng tulong. Subalit ang lahat ay nangangailangan sa Kanya.

- Siya ay bukod-tangi sa Kanyang mga Katangian. Walang sinumang katulad Niya at walang anumang katangian ng tao, hayop, o iba pa ang maaaring maiugnay sa Kanya.



Sa katunayan, kinikilala ng Islam ang ating kalikasan bilang tao at sinasagot ang ating mga katanungan. Tinatalakay nito ang mga bagay tungkol sa ating kaluluwa, at sa ating ispiritwal at intelektwal na pangangailangan. Si Allah - na naka-aalam ng pinakamalalim na lihim at saloobin ng ating mga kaluluwa, isipan, at puso - ay nagpahayag sa atin ng mga lihim na magdudulot ng kapanatagan at katiwasayan. Ito ay ilan sa mga susi at lihim upang matulungan tayong makamtan ang kapayapaan ng pag-isip:

1. Alamin ang iyong Tunay at Nag-iisang Diyos.
2. Manampalataya sa Kanya.
3. Sundin ang Kanyang utos at iwasan ang Kanyang Pagbabawal.
4. Maniwala sa Kanyang mga Propeta (kabilang rito si Propeta Muhammad).
5. Gunitain at alalahanin Siya nang palagian.
6. Hingin ang Kanyang Awa at Kapatawaran.
7. Sambahin Siya nang nag-iisa at walang katambal.
8. Naisin para sa iba kung ano ang nais mo para sa iyong sarili.
9. Maging mapagbigay sa kapwa at sikapin silang maging masaya.
10. Dalisayin ang puso at maging maka-Diyos.

# Bilang Pagbubuod

Ang mga lihim na ito upang makamit ang kapayapaan ng isip, kapanatagan, at kaluguran, gayundin ang ang ispiritwal, panlipunan, at pandaigdigang kapayapaan - ay kabilang sa mga nakabibighaning yaman ng Maluwalhating Qur'an at ng mga aral ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan).

Bilang kabuuan, ang Islam ay tumutugon sa mga mapanuri at mahahalagang katanungan ng Sangkatauhan at tinuturuan tayo sa pamamagitan ng dalawang mapananaligang batayan - ang Maluwalhating Qur'an at Sunnah [mga kasabihan ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan]). Ang dalawang bagay na ito ay nagsasabing makakamit natin ang katiwasayan ng isip, kaligayahan ng puso, at kaligtasan ng kaluluwa sa pamamagitan ng kabatiran at paniniwala sa Iisang Tunay na Diyos (Allah) - nang may kusang-loob na pagsunod at buong-pusong pananampalataya.

Nararapat din na tayo ay maniwala sa lahat ng mga Propeta ng Diyos (kabilang rito si Propeta Muhammad bilang huli sa kanila) at sundin ang kanilang patnubay at katuruan.



# Mga Talasalitaang Islamiko:

**ALLAH:** Ang pangalan ng Nag-iisa at Tunay na Diyos, ang Tagapaglikha. Ang Islam ay nagtuturo na si Allah ang siyang tunay na Diyos sa lahat ng sangkatauhan at nilalang. Ang mga Hudyong Arabo at Kristiyanong Arabo ay kanilang ginamit ang pangalan na ito sa pagtawag sa Diyos, at siya ring pangalan na ginamit sa mga Bibliya sa wikang Arabik.

**MUHAMMAD:** Ang huling Sugo ng Nag-Iisa At Tunay na Diyos na si Allah, ipinadala si Muhammad (nawa'y mapasakanya ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) para sa buong sangkatauhan.

**QUR'AN:** Ang huling Aklat ng Nag-iisa at Tunay na Diyos na si Allah na ipinahayag kay Propeta Muhammad , na Siyang Tagapaglikha.

**ISLAM:** Ang ibig-sabihin nito'y pagsunod at pagtalima sa kagustuhan ng Nag-iisa at Tunay na Diyos na si Allah.

**MUSLIM:** Ang siyang tagasunod sa mga kagustuhan ng Nag-iisa at Tunay na Diyos na si Allah, na Siyang Tagapaglikha.


ALLAH IN ARABIC


MUHAMMAD IN ARABIC


THE GLORIOUS QUR'AN


A MUSLIM SUPPLICATING TO ALLAH (the True God)

# Interesado ka ba?

**Kung ikaw ay interesado at nais mong matuklasan ang marami pang kaalaman at detalye patungkol sa Islam ay pumasok lamang sa aming website:**

**www.discoveritsbeauty.com**

**Maaring mo ring ipadala ang iyong katanungan o kuro kuro sa:**

**info@discoveritsbeauty.com**

## MGA KAPAKI- PAKINABANG NA ISLAMIC WEBSITES:

https://allahsquran.com

http://www.quranexplorer.com

http://www.islamhouse.com

http://www.edialogue.org

http://www.islamreligion.com

http://www.newmuslimguide.com

## SERYE NG PAGTUKLAS SA KAGANDAHAN NG ISLAM SA LOOB NG PITONG MINUTO:

1. Tuktok lamang ng bundok ng yelo
2. Ang Relihiyon nina Adan at Eba
3. Ang Abakada ng Islam
4. Pagsagot sa Mapanuring Katanungan ng Sangkatauhan
5. Ang Kanyang mga Magagandang Pangalan
6. Ang Huling Pahayag
7. Ang Huling Sugo

# ANG PANUNUMPA SA PANANAMPALATAYA
## (ANG PINTO SA PAGPASOK SA ISLAM)

"Ako ay sumasaksi na walang ibang panginoon kundi si Allah, at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay sugo ni Allah"

**Sa wikang Arabik:**

أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَٰهَ إِلَّا اللهُ وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا رَسُولُ اللهِ

Ganito ito binibigkas:

***ASH-HADU ALLA ILAHA ILLA ALLAH, WA ASH-HADU ANNA MUHAMMADAN RASOOLULLAH***

.






مركز أصول
Osoul Center
www.osoulcenter.com

ISLAM HOUSE .com
ISLAM HOUSE

EIECC Program

DISCOVER ITS BEAUTY
WWW.DISCOVERITSBEAUTY.COM

GLOBAL ACADEMY FOR TRANSLATION AND EDUCATION (GATE)
LONDON | THE UNITED KINGDOM

GATE

Scan it!